# ANG PUWERSA NG DAHAS NG *WAR ON DRUGS* SA TULANG *08/17/17* NI ALLAN POPA

## *The Force of Violence in the* War on Drugs *in Allan Popa's Poem* 08/17/17

Jomar Gonzales Adaya
Sentro sa Araling Pilipino
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

**Abstrak**

Ang "war on drugs" o kampanya laban sa ilegal na droga ang pangunahing programang isinulong mula sa panahon ng pangangampanya sa eleksiyon, hanggang sa pag-upo sa pagkapangulo ni Rodrigo Duterte mula 2016 hanggang 2022. Sa kanyang pangakong lilinisin ang bansa sa loob lamang ng tatlo hanggang anim na buwan, partikular na sa problema sa ilegal na droga at kriminalidad, nanganak ang mga ito ng mga usaping lagpas sa pagsugpo sa krimen. Sa ganitong konteksto nakalugar ang papel na magtutuon sa pagsusuri sa maiikling tula ng manunulat na si Allan Popa partikular na sa kanyang akdang *08/17/17.* Gamit ang *loob, ligid* at *lalim* bilang lapit sa pagsusuri na ipinapanukala ng iskolar na si Galileo Zafra, tinatangka ng papel na masiyasat kung paanong sa pamamagitan ng maiikling anyo ng panitikan ay maaaring maunawaan at kritikal na masipat ang naratibo ng dahas ng war on drugs, at ang mga puwersang nagpapataw nito sa lipunang Pilipino. Aangkla din ang pagsusuri sa konsepto ng *dating* ni Bienvenido Lumbera upang magkaroon ng panimulang tanaw sa maaaring naabot ng tula ni Popa sa konteksto ng nagpapatuloy na dahas ng war on drugs, at sa mga punto ng kritika ng karahasan ni Walter Benjamin upang maisuma sa tula ang konsepto ng dahas

at puwersang nagpapataw nito, at ang potensyal ng maiikling anyo ng panitikan bilang porma ng kritikang panlipunan. Isang panimulang pagtatangka ang papel na matalakay ang kritikal na gampanin ng panitikan sa pagbibigay-tinig sa kuwento ng mga kabataang tulad ni Kian delos Santos upang maipagpatuloy ang paglulunsad ng mga panawagan ng hustisya para sa mga biktima ng dahas at paggigiit sa karapatang pantao.

*The "war on drugs," or campaign against illegal drugs, was the central program promoted from the election campaign period through the presidency of Rodrigo Duterte from 2016 to 2022. Promising to resolve the nation's problems with illegal drugs and criminality within just three to six months, this campaign sparked discussions that extended far beyond crime suppression. Within this context, this paper delves into an analysis of Allan Popa's short poems, focusing particularly on his piece 08/17/17. Employing the analytical framework of* loob, ligid, *at* lalim *as proposed by scholar Galileo Zafra, the paper seeks to explore how short literary forms can be instrumental in understanding and critically examining the narrative of violence in the war on drugs and the societal forces enforcing it. The analysis also integrates Bienvenido Lumbera's concept of* dating, *offering a preliminary lens on the extent of the poem's impact amidst the persistent violence of the war on drugs. Furthermore, Walter Benjamin's critique of violence is used to encapsulate the notions of force and power exercised through violence, emphasizing the potential of short literary forms as a medium of social critique. This paper represents a preliminary effort to underscore literature's critical role in giving voice to stories of the youth, such as Kian delos Santos, and in sustaining the calls for justice for victims of violence while advocating human rights.*

**Mga Susing Salita:** Allan Popa, dating, kritika ng karahasan, tula, war on drugs
Allan Popa, dating, *critique of violence, poem,* war on drugs

## Introduksyon

Ang "war on drugs" o kampanya laban sa ilegal na droga ang pangunahing programang isinulong mula sa panahon ng pangangampanya sa eleksiyon, hanggang sa pag-upo sa pagkapangulo ni Rodrigo Duterte mula 2016 hanggang 2022. Sa kanyang pangakong lilinisin ang bansa sa loob lamang ng tatlo hanggang anim na buwan, partikular na sa problema sa ilegal na droga at kriminalidad, nanganak ang mga ito ng mga usaping lagpas sa pagsugpo sa krimen. Tulad ng tila normalisasyon ng pagpatay at pang-aabuso sa karapatang pantao, ang *extrajudicial killings* (EJK), at ang sistematikong pagpapatahimik sa mga kritiko ng pamahalaan (Pangilinan 171). Bago pa man makapanumpa sa puwesto noong Hunyo 2016 si Pangulong Duterte ay binigyang diin na nito ang kanyang magiging madugong paglaban sa kriminalidad kung saan lantaran din niyang ipinahayag lalo na noong panahon ng kampanya ang kanyang lehitimasyon at pag-uutos sa pagpatay sa mga kriminal ("Philippines: Duterte's 100 days"; Johnson & Fernquest 365). Ang mga pahayag ng pangulo at ang mga pangyayari ng sunod-sunod at malawakang pagpatay, kalaunan ay lumikha ng takot sa mga komunidad, at nagpatindi sa "kultura ng dahas at impyunidad" (Espenido 143; Pangilinan 172).

Batay sa tala ng International Criminal Court (ICC), tinatayang nasa pagitan ng 12,000 hanggang 30,000 katao na ang pinatay sa konteksto ng programa ng war on drugs. Lumalabas din sa mga datos na isa itong sistematikong programa na suportado at planado ng estado sa pangunguna ng puwersa ng kapulisan ("International Criminal Court Pre-Trial Chamber I" 3). Nasusuportahan ito sa isang banda, ng inilulunsad na imbestigasyon sa Konggreso ngayong 2024 kung saan sa inilabas na mga testimonya ng mga dating opisyal ng kapulisan at may ugnayan sa Pangulong Duterte na sina Royina Garma at Edilberto Leonardo, binigyang diin na nakapadron umano sa "modelong Davao" ang iskema ng pagbibigay ng insentibo at pabuya sa mga puwersang magpapatupad ng programa ng war on drugs sa pamamagitan ng porma ng pagpatay sa mga indibidwal na sangkot sa ilegal na droga (Bolledo; De Leon). Kung gayon, matagal nang umiiral ang iskemang ito ng dahas ng estado na higit na iniangat sa pambansang antas na sinasabing humalaw ng modelo sa Lungsod ng Davao na matagal nang balwarte ng mga

Duterte. Sa kabilang banda, hindi naman na bago ang ganitong iskema ng karahasan dahil malalim na "nakaugat ito sa ating kasaysayan" (Adam, Ariate at Cruz 2), na kung babalikan ang mga nagdaang administrasyon, bagamat hindi pangunahing nakasentro sa pagsugpo sa kriminalidad at ilegal na droga, ang paggamit ng dahas sa pamamagitan ng mga aparato ng estado ay mababakas din sa mga programang anti-mamamayan na ipinatupad halimbawa ng mga naunang rehimen mula kay Gloria Macapagal-Arroyo hanggang kay Benigno Aquino III (Pangilinan 151-159).

Kung gayon, ang praktika ng dahas na lalong tumindi sa panahon ni Duterte ay isang nagpapatuloy na pangyayari, na hanggang sa kasalukuyang rehimen ni Marcos Jr. ay tumitindi. Lumalabas nga sa datos na sa unang taon pa lamang ng pagkapangulo ni Marcos Jr. ay may naiulat nang 360 na kaso ng "drug-related" na pagpatay, at malaking bahagi nito ay ipinataw ng mga ahente ng estado (Del Mundo at Halog 1). Patunay ito na isang nagpapatuloy na realidad ang karahasan sa lipunang Pilipino na nagsasaanyo sa iba't ibang paraan at pagkakataon, mula sa pagpaslang sa mga nasa laylayan ng lipunan na ayon nga sa artikulo ni Raymond Palatino ay karaniwang minamarkahang "nanlaban, nasampolan, napagkamalan, at nadamay" (30-32), hanggang sa pagkitil sa mga demokratikong karapatan ng sambayanan tulad ng kalayaan sa pamamahayag.

Sa ganitong punto, paano nga ba gumagana ang dahas? Naisasaakto ito dahil may puwersang binibigyan ng lehitimasyon ng mga nasa poder ng kapangyarihan para ipatupad, halimbawa na, ang war on drugs na masasabing bahagi ng "taktika ng pananakot at disiplina" na hindi na lamang pinupuntirya ang mga sangkot sa ilegal na droga, kundi maging ang mga kritiko sa politika at mga progresibong sektor. Ganito rin ang punto ng iskolar na si Rolando Tolentino na nagsasabing "ang karahasan ay karaniwang inaakda ng estado na siya lamang ang entidad na nakakagawang gawing legal ang kanyang gamit nito," na sa kabilang banda, kapag "iba na ang gumamit" itinuturing ito bilang anyo ng "subersiyon, radikalismo, treason, destabilisasyon ng estado" ("Pag-akda ng Karahasan at Bayan" xx).

Sa ganitong balangkas, itinuturing itong porma ng "state terror campaign" kung saan pangunahing nakakasangkapan ang mga rekurso at kapangyarihan ng estado sa pagpapataw ng

dahas na ang partikular na napupuruhan ay ang pangkaraniwang mamamayan (Iglesias 175; Johnson at Fernquest 363). Pangunahin sa puwersa na ito ang kapulisan na siyang nangunguna sa mga programa tulad ng inilunsad na Oplan Double Barrel noong 2016 na pinangunahan ng dating PNP Chief na ngayo'y Senador Ronald "Bato" Dela Rosa. Bagamat ang mga alagad ng batas ang nakapronta, makikita rin sa mga datos na katuwang dito ang iba't ibang aparato ng estado tulad ng sistema ng batas o polisiya sa antas na pambansa, at lalo na sa mga lokal na yunit ng pamahalaan hanggang sa mga sulok ng barangay, na siya ngang naging pangunahing sentro ng war on drugs (Palatino 24).

Samakatuwid, may mahigpit na ugnayan ang konsepto at praktika ng "dahas" at "puwersa." Kung hahalungkatin ito sa diksiyonaryo nina Noceda at Sanlucar, mauunawaan natin na matagal nang umiiral at ginagamit ang mga nabanggit na salita sa ating bayan, na patunay sa malalim na pinag-uugatan nito sa ating kasaysayan na dumaan sa mga yugto ng dahas ng pananakop. Ang salitang "dahas" halimbawa ay may entri na "matapang" at "magpamalas ng katapangan" na tumutukoy sa katangiang maaaring taglay ng tao, at "tanggalin nang sapilitan" na tumutukoy naman sa aksiyon o pagsasakilos nito (161). Bagamat naroon ang ideya ng tapang, nakasuson sa konseptong ito ang paggamit ng puwersa o lakas dahil isinasakilos nang "sapilitan." Ibig sabihin, may negatibong konotasyon ang dahas na maaaring makapaminsala, o makapagdulot ng sakit. Ang salitang "puwersa" naman ay naitala bilang "lakas at tapang" (774). Walang kaakibat na kilos ang tala dito, hindi tulad sa "dahas" na may negatibong konotasyon. Ibig sabihin, mas maluwag ang gamit ng "puwersa" na maaaring makapaminsala ng bagay o ng tao, o sa kabilang banda ay makalikha naman ng pagkilos o aksiyon. Tumutukoy ang "puwersa" sa paggamit ng pisikal na lakas upang makapagpabago ng kalagayan ng isang bagay o tao. Sa pangkalahatan, maaari itong gamitin upang pakilusin ang isang tao o bagay dahil maaaring ginagamitan ng "lakas" upang makapagpakilos. Malinaw na nagtatagpo ang mga salita sa pagpapakahulugan dito bilang "tapang" na maaaring maiugnay sa nilulugarang konteksto ng papel na ito kung saan ito ang panahong namayagpag ang ilang lider ng mga bansa na may imahen ng "strongmen populist rule" ("Pag-akda ng Karahasan at Bayan" xxvi). Isang halimbawa nito si Duterte na ang ginamit pang islogan na tatak ng kanyang

rehimen ay "tapang at malasakit," na retorikang tila ba inuunawa at iniaalay nang may tapang ang paglilingkod sa taumbayan sa kabila ng marahas na proyekto ng war on drugs.

Sa ganitong konteksto nakalugar ang kasalukuyang papel na sa pagkakataong ito ay magtutuon sa pagsusuri sa partikular na anyo ng panitikan, ang maiikling tula. Marami nang pag-aaral ang bumaling hindi lamang sa war on drugs, kundi higit sa politika at imahen ng dating pangulong Rodrigo Duterte na sinasabi ngang nagluwal na sa mga akademiko ng "fetishismo" sa paksang ito (Adam, Ariate & Cruz 2). Gayunman, hinihingi ng kasalukuyang kondisyon na magpatuloy sa pagsisiyasat, lalo na't nagpapatuloy ang dahas, at bibihira ang nagtuon sa naratibo ng war on drugs sa mga malikhaing anyo ng panitikang naprodyus kaugnay nito. Bagamat may mga lumabas na ring mga akdang pampanitikan na nagsasanaratibo at nagbibigay artikulasyon sa danas ng dahas ng war on drugs, at maging ng ilang pagsusuri sa mga tula, partikular na sa konteksto ng politika ng "panahon" ng rehimeng Duterte (Benitez 60), limitado pa rin ang mga pagsusuri na sumipat sa naratibo ng war on drugs sa anyong pampanitikan. Kaya, pangunahing layunin ng papel na magbukas ng posibilidad sa panimulang pagsusuri, na sa pagkakataong ito ay babaling sa maiikling tula na nakapook sa konteksto ng war on drugs ng rehimeng Duterte. Partikular na magtutuon sa maikling tula na *08/17/17* at ibang pang tula ng makatang si Allan Popa upang masiyasat kung paanong sa pamamagitan ng maiikling anyo ng panitikan ay maaaring maunawaan at kritikal na masipat ang naratibo ng dahas ng war on drugs, at ang mga puwersang nagpapataw nito sa lipunang Pilipino. Nais ipakita sa papel kung paanong isinasanaratibo sa anyong maikli ang sandali ng dahas at kaakibat nitong puwersa na nagpapanatili sa namamayaning kaayusan, at kung paano rin maaaring lumikha ng mga posibilidad ang panitikan sa panahon ng war on drugs.

Samakatuwid, gamit ang *loob, ligid* at *lalim* bilang pangkalahatang dulog sa pagsusuri ng panitikan na ipinapanukala ng iskolar na si Galileo Zafra, tinatangka ng papel na makilatis ang naratibo ng dahas na nakaugat sa war on drugs na agenda ng rehimen ng dating Pangulong Rodrigo Duterte, at ang potensyal ng maiikling anyo ng tula sa pagbubukas ng posibilidad ng "kontra-sandali" sa namamayaning kaayusan. May pagtatangka ng Pilipinong perspektiba sa pagsusuri sa

panitikan ang dulog ni Zafra kung saan ang masinsing pagbasa o *close reading* ay tinawag niyang *loob* na tumutukoy sa paunang hakbang upang makapasok sa loob ng teksto at mabusisi ito sa pamamagitan ng "pagtukoy sa mahahalagang impormasyon, detalye, o katangian ng tekstong pampanitikan" (16). *Ligid* naman ang ginamit niya upang maitampok ang pagbasang kontekstuwal sa akda na bumubusisi sa kaligiran ng teksto na posibleng mabigyang interpretasyon sa pagpopook sa politika, lipunan at kultura. Maituturing ito na pagtawid sa "hangganan ng teksto" at "paggalugad sa kaligiran nito" (17). Sa bahaging ito rin maaaring ipasok ang interteksto o pag-uugnay ng sentral na akda sa iba pang teksto. Pangkalahatang paglalapat at pag-uugnay ng dalumat naman ang *lalim*. Dito inaasahan ang pagpapatingkad o paggamit ng partikular na konsepto, kaisipan o teorya upang higit na mabigyan ng lalim ang pagsisid sa loob at ligid ng teksto. Sa kaso ng papel na ito, panimulang sisipatin ang tula gamit ang 1) konsepto ng *dating* ng kritikong si Bienvenido Lumbera upang magkaroon ng panimulang tanaw sa maaaring naabot ng tula ni Popa sa konteksto ng nagpapatuloy na dahas ng war on drugs; at 2) ang paggamit sa mga punto hinggil sa "kritika ng karahasan" ng Marxistang iskolar na si Walter Benjamin upang masuma sa tula ang konsepto ng dahas at puwersang nagpapataw nito, at ang potensyal ng maiikling anyo ng panitikan bilang porma ng kritikang panlipunan.

## Loob ng Dahas

*08/17/17*

Inabutan nila ako ng baril.

Tinanong ko sila,
Anong gagawin ko rito?

[4]Sumagot sila,
Iputok mo. Tumakbo ka.

Ginawa ko ang alam kong gawin.
Tumakbo ako.

> [8]Ginawa nila ang alam nilang gawin.
> Pinaputok nila ang kanilang mga baril.
>
> Hanggang hindi ko na magawa
> [11]ang alam kong gawin. (*Ano Ang Isang Araw: 16 Tula*, 8)

Maikli lamang ang sentral na tulang tinatangkang suriin sa papel. Maging ang iba pang tulang iuugnay dito sa pagsusuri ay nasa anyong maiikli rin. Tulad ng nabanggit na, isang pagtatangka ang papel na magbukas ng posibilidad sa potensiyal ng mga maiikling anyo ng panitikan bilang porma ng kritika sa nagpapatuloy na dahas sa kasalukuyan. Sa ganitong direksiyon, bunsod din ng limitadong bilang ng tula ni Allan Popa na pinagtuunan, hindi hinahangad ng papel na makapagtakda ng pamantayan o ng anumang tradisyon at dalumat na hinahaka. Isa lamang itong panimulang pagsipat sa mga posibilidad na maaaring iluwal pa ng mga pagtatangka.

Sa ganitong limitasyon, simulan natin ang pagkilatis sa pamagat ng tula ni Allan Popa. Sa unang basa, aakalaing walang pamagat ang akda dahil hindi karaniwan ang magpamagat ng petsa lalo na nakanumero ito. Ibig sabihin, bakit hindi binuo ang petsa: Agosto 17, 2017? O bakit hindi na lang *baril* ang pamagat na masasabing sentral na talinghagang matutunghayan sa tula? Sa kabilang banda, ang paggamit sa petsa bilang pamagat ay pagtatala ng sandali na gugunitain sa anumang panahon. Parang talaarawan o mga jornal entri na nilalagyan natin ng petsa. Itinatala natin ang panahon dahil sa pangyayaring may personal na ugnay at may saysay para sa atin na kailangang maitala. May partikular na pangyayaring ipinagugunita ang tula na higit na mabibigyang hugis sa mga taludtod nito.

Hindi tradisyunal ang tula na may tiyak na sukat at tugma. Nasa malayang taludturan ito. Maikli lamang ito na binubuo ng anim na saknong, lima dito ay mayroong tig-dalawang taludtod. Wala itong sukat. Sa unang sipat sa tula, tila wala itong itinatago dahil karaniwan lamang ang gamit ng salita. Nasa anyo ng tila nagkukuwento ang persona na nasa unang panauhan. May isinasalaysay na sandali ang persona. Mala-testimonyal ang paraan na nagdadala sa mambabasa sa pangyayaring nais ipakita ng makata. Masasabing mahigpit na nakaugat sa tradisyong

oral ang akda na mababakas sa kaiklian nito at estilo na tila nagkukuwento lamang ng sandali ng isang pangyayari.

Sentral na talinghaga ang *baril*. Dito umikot at nakaugnay ang paggalaw at pag-usad ng sandali sa bawat taludtod. Pansinin ang mga pandiwang: *Inabutan* (taludtod 1), *gagawin* (tld 3), *Iputok* (tld 5), *Ginawa / gawin* (tld 8), at *Pinaputok* (tld 9). Ang mga pandiwang ito na matatagpuan sa bawat saknong (maliban sa huling saknong) ay nakaugnay sa *baril*. Maituturing ang *baril* bilang simbolo ng kapangyarihan na maaaring maging instrumento ng pagprotekta o pagkitil sa buhay ng tao. Ang paggamit ng mga pandiwa ay masasabing pagtatakda ng puwersa sa tula para ipakita ang akto ng pagpapakilos sa isang bagay o tao. Tulad ng walang ano-ano'y pag-aabot ng baril sa persona, at pag-uutos dito na *iputok mo* ang baril at nag-udyok na *tumakbo ka*. Walang paliwanag kung para saan ang mga iniutos sa persona, kundi isa lamang malinaw na akto ng sapilitang pagpapakilos. Kung gayon, mababakas sa mga pandiwa ang puwersa, dahil pagsasakilos ang mga salita na may tono ng pag-uutos sa persona na gawin ang paghawak sa baril, pagputok, at pagtakbo. Samakatuwid, sa tono ng mga taludtod, maririnig ang himig ng awtoridad na pinagmumulan ng puwersa para isagawa o iutos ang isang bagay. Ang baril ang simbolo ng dahas na posibleng ipataw ng awtoridad na bukal ng kapangyarihan.

May dalawang panig tayong matutunghayan sa tula na mababakas sa mga ginamit na panghalip. Pansinin ang: *nila / nilang* (taludtod 1, 8 at 9), *sila* (tld 2 at 4), at *kanilang* (tld 9). Ang mga panghalip na ito ay tumutukoy sa kausap ng persona na hindi nag-iisa, madami sila ngunit hindi nilinaw ang pagkakakilanlan. Sila ang nag-abot ng *baril* sa persona (tld 1), nag-utos na *iputok* ito at nagpatakbo sa kanya (tld 5), at nagpaputok ng *mga baril* (tld 9). Samakatuwid, ang tinutukoy ng persona ay mga taong tangan ang kapangyarihan, na ang tanging *alam gawin* ay bumaril. Sa kabilang banda, ang isang panig na matutunghayan sa tula ay ang mismong persona na siyang nagkukuwento sa atin na inabutan ng baril at nagtatakang nagtanong: *Anong gagawin ko rito?* (tld 3). Bakas sa bahaging ito ang kawalang-malay ng persona, sa kung bakit siya inabutan ng baril. Tila isang bata ang mahihiwatigan sa bahaging ito na kababakasan ng natural na pagtataka ng isang walang-muwang sa kung anuman ang nangyayari. Sa kasunod na saknong ay makikita ang kanyang tugon sa sagot ng nag-abot

ng baril: *Ginawa ko ang alam kong gawin* (tld 6)/ *Tumakbo ako* (tld 7). Matutunghayan sa bahaging ito, ang ginawa o itinugon ng persona ay ang tangi niyang alam – ang tumakbo. Ang salitang ito ay hindi lamang nangangahulugan ng pagkilos nang mabilis, kundi isang akto ng paglayo at pagtakas na siyang piniling gawin ng persona. Kung ang persona ay isa ngang bata, pagpapakita ito ng karaniwang kilos ng isang paslit na sumisibad, tumatakbo tulad ng sa isang laro. Subalit, hindi larong pambata ang ibinabadya ng tula. May bigat na dulot ang huling saknong ng tula na nagpapakita sa kinasapitan ng persona matapos gawin ng mga nag-utos sa kanya ang tanging alam ng mga iyon: *Hanggang hindi ko na magawa* (tld 10) / *ang alam kong gawin* (tld 11). Ang tinutukoy na *alam gawin* ng persona ay ang tumakbo na sa bahaging ito ng tula ay hindi na niya magawa pa matapos paputukan ng mga may tangan ng baril. Hindi hayagang sinabi sa tula na patay na ang persona. Subalit sa masinsinang pagbasa mula sa ugnayan ng mga taludtod, mahihinuha ang kalunos-lunos na sinapit ng nagkukuwento sa tula. Sa kabila ng kaiklian ng tula, malinaw ang sandali ng dahas na binibigyang artikulasyon ng akda. Mababakas dito ang himig ng kawalang-malay ng persona (na nagtataka, aanhin nga naman niya ang baril?) at kawalang-hiyaan (pagtulak sa persona na gamitin ang baril, at akto ng pagbaril) ng puwersa na may tangan ng kapangyarihan. Sa ganitong sipat pa-loob sa teksto, sino ang itinatampok sa tula? Anong pangyayari ang tinutukoy ng *08/17/17*? Sino ang may tangan ng kapangyarihang nagpataw ng dahas? Higit nating mauunawaan ito sa pagpopook natin dito sa labas ng teksto o ang nasa ligid nito.

## Ligid ng Dahas

Para sa manunulat na si Jerry Gracio, si Allan Popa ang maituturing na "pinaka-impluwensyal na kontemporanyong makatang Filipino" at "pinaka-astig na makata sa kasalukuyan" (*Hunos*). Hindi ito maikakaila sa dami ng libro ng koleksyon ng tula niyang nalathala at maging sa mga pagkilalang natamo, bukod pa sa kasalukuyang adbokasiyang pampanitikan niya bilang tagapaglathala ng mga aklat at chapbook sa pamamagitan ng Aklat Ulagad. Sa paglabas ng kanyang unang libro ng tula na *Hunos* noong 2000, kinilala ito ni Virgilio Almario na nagsabing kabilang si Popa

sa bagong henerasyon ng mga makata na nagsusulat sa Filipino subalit ang mundo ay hindi Tagalog (Manalo 141). Mahalagang mabanggit ang pinag-uugatan ng ganitong impresyon sa pagtula ng makata na maaaring maunawaan sa pinagmumulan niyang bayan na labas sa Maynila – ang Virac, Catanduanes kung saan siya ipinanganak at siyang komunidad na pinagpipirmihan niya bilang manunulat at tagapaglathala sa kasalukuyan.

Kung mababasa ang ilan sa mga koleksyon ng tula ni Popa, lalo na itong kinabibilangan ng kasalukuyang sinusuri na mula sa *Ano Ang Isang Araw: 16 Tula* na inilathala ng Talaantala bilang *chapbook*, matutunghayan ang lalim sa pangkaraniwang sandali at bigat ng damdaming tumatahi sa bawat tulang kabilang sa koleksyon. Higit na masisisid ang lalim ng bawat tula ni Popa sa pagsipat sa ugnayan ng mga tula niya sa koleksyon. Isa ito sa masasabing katangian ng panulaan ni Popa, na hindi basta naglalabas ng koleksyon ng mga tula nang walang matibay na dalumat na tatahi sa mga tula at lilikha ng kabuuan (Manalo 142; Velasco). Maiuugnay marahil ang ganitong estilo at sinsin sa produksyon ng malikhaing akda, sa panulaan ng mga Amerikanong makata na sina Frank Bidart at maging ng 2020 *Nobel Prize for Literature* na si Louis Glück na posible masabing parehong naging impluwensyal sa pagsulat ni Popa na naging mga guro pa niya sa *Master in Fine Arts* sa Washington University (Velasco). Sa pagbasa sa mga tulang kasama ng *08/17/17* sa *chapbook* na *Ano Ang Isang Araw: 16 Tula,* masisipat ang ugnayan ng mga tula. Ilan sa mga tula ay panimulang sisipatin sa bahaging ito.

Kapansin-pansin na limang tula sa koleksyon ang pinamagatan ng de-numerong petsa, *08/17/17* (tuon ng suri), *09/04/17, 09/06/17, 11/12/16*, at *09/21/17* na kung sakaling iisa-isahing kilatisin ay masasabing nag-uugnay-ugnay sa isang temang mabibigyang linaw sa mga susunod na bahagi. Pansinin halimbawa ang una at ikalawang saknong sa tulang *09/06/17*.

> [1]Hindi ko ubod maisip kung paano magkakasya
> sa katawan ng katorse anyos
> ang tatlumpung saksak.
>
> [4]Ngunit nagawa nila,
> ginawa nila. (*Ano Ang Isang Araw: 16 Tula*, 9)

Kasunod ng tulang sinusuri ang tulang ito sa paghahanay sa loob ng koleksiyon. Gumamit din ng de-numerong petsa sa pagpapamagat. Kung babalikan ang sipat pa-loob na ginawa, higit na malinaw sa tulang *09/06/17* na kabataan ang pinatutungkulan dito: *katawan ng katorse anyos* (tld 2) na nagtamo ng *tatlumpung saksak* (tld 3). Mapapansin din na tulad ng sa tulang *08/17/17,* ginamit sa tulang ito ang panghalip na *nila* (tld 4 at 5) at mga pandiwang *nagawa* (tld 4) at *ginawa* (tld 5) na posibleng tumutukoy sa puwersang nagpataw ng dahas sa isang walang-muwang na kabataan. At tulad ng naunang tula, gumamit din ng pandiwang nagrerepresenta sa pagsasaakto ng puwersa ng dahas. Samakatuwid, hindi nagkataon na may pagtatagpo sa mga tula ni Popa dahil may tiyak at malinaw na estruktura at pagdalumat ang kanyang panulaan. Sa katunayan, ang bubungad sa koleksyon na ito ay tulang tila nagbabadya at nagpapahanda sa mambabasa sa bigat ng mga sandaling tinatahi sa mga taludtod ng bawat tulang mababasa rito. Tunghayan ang tulang *Ano ang Isang Araw* partikular ang ikatlong saknong nito:

> Ang Agosto
> naging Setyembre.
> Nakararamdam ka ng lamig
> kahit napakainit. Ano't may dalang
> kilabot ang panahon. (*Ano Ang Isang Araw: 16 Tula*, 4)

Kung gagamitan muli natin ng sipat pa-loob ang tulang ito, ang paggamit sa *Agosto* (tld 11) at *Setyembre* (tld 12) ay paglulugar sa panahon kung saan namamayani ang *lamig* (tld 13) na hindi nangangahulugang simoy ng Pasko na nakasanayang madama tuwing sasapit ang *ber months* sa kulturang Pilipino. Isang parikala ang mga taludtod na *Nakararamdam ng lamig* (tld 11), *kahit napakainit* (tld 14), dahil dahas ang mga sandaling naghatid ng lamig na ang madarama ay *kilabot* (tld 15) na naganap sa buwan ng Agosto na pinatunayan partikular sa tulang *08/17/17.* Ang pagbabadyang ito hinggil sa dahas na ikinukuwento sa mga tula ay hahamon sa mismong sining ng pagtula sa harap ng pag-igting ng mga masasaksihan pang karahasan. Pansinin ang mga bahagi ng tulang *09/04/17*:

> Walang magagawa ang tula
> sa harap ng mga darating

> na pagpaslang
> [10]kundi ang makakita
> nang makakita. (*Ano Ang Isang Araw: 16 Tula,* 6)

Tila paglalatag ito hinggil sa kung ano ang maaaring maabot ng tula o magawa pa nito sa kabila ng marami pang paparating na masasaksihang pagpaslang. Ano nga ba ang kapangyarihan ng sining sa nasasaksihang dahas sa araw-araw, na sa kabilang banda ay maaaring maging tala ng naratibo ng dahas na paulit-ulit nasasaksihan. Ano ang magagawa ng pagtula sa dahas ng war on drugs? Sa pag-uulit-ulit ng dahas na ating nasasaksihan, matutunghayan din sa panulat ni Popa ang pagpapatuloy niya sa pagtatala ng mga hindi natatapos na dahas upang lumikha ng anumang posibilidad. Halimbawa, ang talinghaga ng baril sa tulang *08/17/17* ay muling gagamitin ni Popa sa tulang *Ang Baril ni Chekhov*, na sa pagkakataong ito ay hindi na lamang nagkukuwento ng marahas na sandali, kundi higit ay nagbubukas ng puwang para baguhin ang sandali, at tanganan ng manunulat ang kapangyarihan ng panulat na tulad ng baril ay isa ring armas pandigma.  Tingnan ang huling tatlong taludtod ng tula:

> [17]Nasa iyong kamay ang panulat.
> Nasa iyong kamay ang baril.
> Baguhin mo ang wakas. ("Kriminolohiya at iba pang Tula" 105)

Isang alusyon ang pamagat ng tula sa *Chekhov's gun*, isang konsepto sa pagsusulat kung saan ang anumang mga bagay na ipinakilala sa naratibo ng kuwento, lalo na kung ito'y makapangyarihan tulad ng baril, ay nararapat magkaroon ng tiyak na gamit o gampanin sa kuwento. Kaya "kapag may baril na lumitaw/ sa kuwento" nararapat "itong maiputok." Iginigiya ng persona ang kinakausap niya sa tula, na ipinagpapalagay nating isang manunulat, sa kung paanong magagamit ang baril na "paulit-ulit na/ lumilitaw sa mga pinangyarihan/ diumano ng krimen" na karaniwang "itinanim sa kuwentong/ iisa ang tinatahak na katapusan," para baguhin nito "ang wakas" ng kuwento dahil nasa kanyang "kamay ang panulat" na tulad ng baril, ay makapangyarihan ding maituturing (105). Samakatuwid, natutugunan nito ang tila "kawalang magagawa ng tula" sa harap ng dahas na nasasaksihan na inilahad sa tulang

*09/04/17*. Puwersa ring maituturing ang himig ng pag-uutos ng persona na nagsasabing “Baguhin mo ang wakas” subalit himig na hindi nagmumula sa estado. Ipinapatangan ng persona ang kapangyarihan sa kamay ng manunulat o ng mambabasa para magsilbing puwersa na lilikha ng posibilidad na baguhin ang sandali ng dahas.

Taong 2021 nalathala ang tulang *Ang Baril ni Chekhov*, apat na taon ang pagitan sa mga maiikling tulang sinusuri. Isa itong pagpapatunay sa komitment ng makata para ipagpatuloy ang pagsasanaratibo sa anyong tula ng dahas ng war on drugs, na pagtatapat pa nga ni Popa mula sa tala, “I wrote them in response to the government’s bloody War on Drugs that has resulted in the deaths of over 12,000 Filipinos since Duterte assumed power. At the height of the killings in 2017, writing poetry was my way to fight against desensitization to state-sponsored violence and to help amplify the growing voice of protest” (“Kriminolohiya at iba pang Tula” 104).

Malinaw sa ganitong paglalatag na ang pag-unawa sa dahas sa tulang *08/17/17* ay higit na mahahabi sa ugnayan ng mga tula na may tinatahing kabuuan sa panulat ni Popa na maaaring sabihing isang natatangi niyang paraan sa pagtula. Sa kabilang banda, mapapansin ding karaniwang maiikli ang mga tula ni Popa, lalo na partikular itong kinabibilangan ng sinusuring tulang *08/17/17*. Bukod pa sa paggamit niya ng mga karaniwang salita at paghabi mula sa iba’t ibang batis na mabibigyang tibay sa mga obserbasyon ni Ramon Guillermo na “lumilikha ng papalapot nang papalapot na diskurso ng pag-iral” (*Narkotiko at Panganorin*), at ang “galing at husay ng mga tula…ay sa kakayahan nitong gamitin ang talinghaga sa isang makabago at mas produktibong direksyon” (*Maaari*). Ang kaiklian ng ilang tula ni Popa ay maaaring kaugnay ng espasyo na unang pinagluluwalan ng ilan sa mga tula niya (partikular ang sinusuri sa ngayon). Bago pa nalathala sa *Ano Ang Isang Araw: 16 Tula* (2017, Talaantala) at sa *Puyat at iba pang Tula sa Panahon ng Digma* (2018, Kamera Gerilya) ang tulang *08/17/17*, una na itong namalas sa *Facebook* ng mismong makatang si Popa. Naipaskil niya ito noong Agosto 18, 2017 at mayroon nang mahigit 1,200 na reaksyon, 20 na komento at 575 na *share*. Ibig sabihin, may tiyak na awdiyens na naabot ang tulang ito sa birtuwal na espasyo bago pa man malathala sa isang koleksyon. Ang opisyal na *Facebook account* ni Allan Popa ay

mayroon nang 7,114 na *followers*. Bagamat hindi naman ganoon kalaki kumpara sa mga popular na *influencers*, patunay pa rin ito sa tiyak na bilang ng posibilidad na naaabot ng kanyang mga tulang naging lunan ang *social media*. Dagdag pa rito, ang *Ano Ang Isang Araw: 16 Tula* na isang *pdf chapbook* ay libreng ipinamahagi ni Popa bilang regalo niya sa mga mambabasa noong Setyembre 21, 2017, anibersaryo ng Batas Militar. Kaugnay ito sa kanyang pagdiriwang ng kaarawan. Karamihan sa laman ng koleksyon ay naibahaging una sa *Facebook* na espasyong madalas maging lunan ng ilang mga tula ni Popa. Kung babasahin ang kanyang poetika sa konteksto ng artikulong "Ilang Tala Hinggil sa Narkotiko at Panganorin," malinaw sa makata na nakaugat at nakatuon sa publiko ang tulang nais niyang isulat na higit na "sumusuri sa mapaniil na mga puwersang panlipunan na pumupuno sa gabi ng sari-saring ligalig" (101). Samakatuwid, malay ang makata sa kayang gawin ng panulat sa pagharap at maaaring pagsalunga sa mga mapang-aping puwersa sa lipunan. Sa ganitong konteksto, interesanteng tingnan ang *social media* hindi lamang bilang makabagong espasyo ng produksyong pampanitikan, kundi higit bilang sityo ng pakikisangkot at politikal na kritisismo ng mga alagad ng sining.

Kung gayon, hindi lamang personal ang tulang *08/17/17*, tulad ng mga talaarawan o jornal entri na nilalagyan ng petsa. Tinutumbok ng tula ang pakikisangkot at komitment ng makata sa ligalig at dahas ng war on drugs ng rehimen ng dating Pangulong Duterte sa paraang taimtim, masinsin at may bigat na pagtula hinggil sa araw-araw na kondisyon ng dahas. Ang Agosto ay tinawag na "buwan ng mga pagpaslang o *month of killings*" sa paggunita ng mga *rights advocate* sa mga itinuturing na biktima ng *extrajudicial killings* sa ilalim ng rehimeng Duterte (Cabalza at Subingsubing). Sa buwan na ito noong 2017 naitala ang mataas na bilang ng kaso ng pagpaslang na ayon sa ulat, sa isang linggo pa lamang ng pagpapatupad ng tinatawag na *one-time, big-time* na operasyon ng *Philippine National Police* (PNP), 96 katao na ang napatay at tinatayang nasa 3,500 kabuuang bilang makalipas lamang ang isang taon mula nang simulan ang war on drugs noong 2016 (Villamor; Holmes). Ang mga talang ito ay karaniwang nakabalangkas sa naratibo ng estado na *nanlaban* at kabilang sa listahang ito ang mga kabataang sina Kian delos Santos, Carl Arnaiz, at sa bungad ng kasunod na buwan ng Setyembre ay natagpuan naman sa Nueva Ecija ang bangkay ni Reynaldo de

Guzman na tadtad ng saksak at nakabalot ng *packaging tape* ang mukha.

Ang *08/17/17* ay hindi lamang sandali na kumakatawan partikular kay Kian delos Santos (17 taong gulang) na pinaslang noong Agosto 16, 2017 sa Caloocan, kundi maging kina Carl Arnaiz (19 taong gulang) at Reynaldo de Guzman (14 taong gulang) na ayon sa mga ulat ay umalis ng bahay noong Agosto 17, 2017 na kapwa naglaho ng ilang araw at natagpuan na lamang na walang buhay sa magkakahiwalay na lugar ("Philippines: Killings of children"). Bakas sa katawan nila ang ipinataw na dahas. Sa kaso halimbawa ni Kian delos Santos, batay sa inisyal na ulat, habang nagsasagawa ng *one-time, big-time* na operasyon ang pulisya sa Block 7, Riverside sa Barangay 160, Caloocan nang sinasabing unang magpaputok ng baril si Kian at ginantihan naman ng kapulisan bilang depensa. Nakuha sa tabi ng labi ang kalibre 45 na baril at dalawang *sachet* ng hinihinalang droga. Subalit, taliwas ang mga ito sa testimonya ng mga saksi at ng *video* na kuha sa *CCTV camera* sa lugar ng insidente. Hindi armado si Kian. Kinaladkad siya ng pulis sa eskinita, binugbog, pinaluhod at saka binaril ng tatlong beses. Batay pa sa imbestigasyon ng *Public Attorney's Office*, pinatay si Kian habang nakaluhod at nagmamakaawa na ayon pa sa ilang saksi ay narinig na nagsasabing "Tama na po, may exam pa ako bukas," at "Huwag po! Huwag po!" (Gavilan; Talabong; Punay). Ang pagpaslang sa mga kabataang ito, lalo na sa kaso ni Kian delos Santos ang nagpaningas sa damdamin ng mga Pilipino na nagbunsod sa kabi-kabilang kritisismo, panawagan ng hustisya at kilos protesta laban sa rehimeng Duterte nang panahong ito (Johnson at Fernquest 379). Nagbunsod ito kalaunan sa tinatawag ng iskolar na si Sol Iglesias na *de-escalation* ng karahasan, subalit hindi rin ito nangangahulugan na tumigil o itinigil nang kusa ang dahas, dahil ang totoo ay isang pagbuwelo lamang ito tungo sa normalisasyon ng mga anyo ng karahasan ng estado, na ayon pa kay Iglesias, "the violence was muted instead, shifting from a tactic of generating shock to one of maintaining the normality of a new dominant mode of political violence" (180). Sa ulat na isinumite sa International Criminal Court, batay sa mga nakalap na ebidensya, malinaw na ipinapataw ng puwersa ng estado sa iba't ibang anyo ang dahas at pinaiigting ang impyunidad sa ngalan ng war on drugs na dahilan upang ilapit sa pandaigdigang korte ang kaso ng *crime against humanity* laban sa mga aktor at arkitekto ng dahas

ng war on drugs sa bansa ("International Criminal Court Pre-Trial Chamber I" 56).

Samakatuwid, ang persona sa tula ay representasyon ng mga kabataang biktima at kolateral ng dahas ng estado. Kabilang sila sa mahabang listahan ng mga minamarkahang "nanlaban, nasampolan, napagkamalan, at nadamay" batay sa naratibo ng estado sa pangunguna ng PNP tungo sa pagsusulong ng *war on drugs* na agendang simula't sapul ay tangan-tangan ng rehimeng Duterte. Sa katunayan, lalo pa ngang tumaas ang bilang ng pagpaslang na nagaganap sa panahong sinasagasa ng pandemya ang bansa. Batay sa ulat ng *Human Rights Watch*, tumaas ng limampung bahagdan (50%) ang napatay ng kapulisan sa pagitan ng Abril hanggang Hulyo 2020 kumpara sa naunang apat na buwan, na sa kabuuan ayon sa tala ng *Philippine Drug Enforcement Agency* (PDEA) ay umabot sa 5,810 katao sa huling bahagi ng Hulyo 2020 (Conde).

Ang sandali na isinaratibo sa tula ay ang kaganapan ng dahas na ipinapataw sa mga nasa laylayan ng lipunan, partikular na sa mga inosenteng kabataan, ng puwersa ng represibong aparato ng estado. Hindi lamang sila payak na numerong binibilang at itinatala sa ngalan ng kantidad ng war on drugs na nagpapalabo sa isyu ng halaga ng buhay ng tao. Naging malinaw sa ganitong pagsipat ang diwa at saysay ng pamagat at mga pananaludtod ng tula na kahit may pagkapartikular sa panahon ay may unibersalidad ng kahulugang iniiwan sa mambabasa hinggil sa kondisyong politikal at kultura ng dahas sa bansa.

## Lalim ng Dahas

Mahalaga ang papel ng mambabasa sa produksyong pampanitikan. Sila ang target kausapin o makadiyalogo ng manunulat o ng mismong teksto. Sa kaso ng *08/17/17*, madaling makita ang posibilidad ng pagtawid ng tula sa mga mambabasa dahil sa espasyong naging lunan ng akda kung saan madalas magbabad ang mga tinatawag ni Rolando Tolentino na "makabagong mambabasa" sa kasalukuyan ("RTDAGLI" 115). Ito naman talaga ang intensiyon ng manunulat, ang magamit ang akda hindi lamang upang magtala ng naratibong pangkasaysayan, kundi higit upang maabot ang mambabasa at magbukas ng

kamalayan hinggil sa napapanahong usaping panlipunan. Ito sa tingin ko, ang isa sa naabot ng tula ni Popa sa ganitong pagsipat. Para kay Lumbera, esensyal ang mambabasa sa pagkilatis sa estetika, at ang panlipunang salik na humuhubog sa akda na espesipiko sa ating lipunan, na sa kabuuan ay tinatawag niyang *dating* (218). Sinasabing ang diskurso ng estetika ay "nagsisimula kapag buo na ang likha at iniharap na ito sa *audience* o kapag naganap na ang *dating* ng akda." Ang *dating* ng likhang-sining ay magmumula sa "larawan at gunitang laman ng ating kamalayan" (213). May pagdidiin hinggil sa gampanin ng mambabasa na gumagamit ng imahinasyon at isipan sa pagbuo o pagdugtong ng kahulugan sa teksto. Ang tula ni Popa ay iniluwal ng danas sa panahon ng war on drugs at nagtangkang tumawid sa birtuwal na espasyong karaniwang binababaran ng karamihan. Sa kabila ng pagkakaraniwan ng mga ginamit na salita sa pananalinghaga, may bigat at lalim ang *dating* ng tula, at ang pakikisangkot ng panulat ni Popa na may pagtatangkang higit na makadiyalogo ang mambabasa at maghawan ng posibilidad gamit ang panitikan sa *social media* bilang "sityo ng kritikal na pedagohiya" ("RTDAGLI" 119), ang masasabing isa sa naabot ng akda. Isang posibilidad ang tula upang patuloy na gunitain ang mga biktima ng dahas, at ipagpatuloy ang mga panawagan para sa pagkamit ng hustisya. Bagamat limitado sa algoritmo ang lunan ng *social media*, kahit papaano ay nakatatawid ang tula sa sumunod na mga taon lalo na tuwing anibersaryo ng pagpaslang kay Kian delos Santos, naibabahagi ng mga *netizen* ang tulang ito. Isang halimbawa ang pagpaskil nito mula sa iba't ibang *Facebook page* tulad ng *UST Literary Society* na nag-*post* noong Agosto 16, 2018 bilang pakikiisa sa panawagan ng hustisya sa mga biktima ng EJK sa bansa. Sa ganitong paglalatag, mahalagang mabigyang-diin ang politikal na diskurso sa pagdalumat ni Lumbera sa "kamalayan" bilang sityo ng tunggalian:

> Kamalayan ang larangan ng tunggalian sa pagitan ng nais magpanatili sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan at ng naghahangad na magtayo ng lipunang higit na kumikiling sa mga mamamayang ngayo'y sinisiil at pinagsasamantalahan. Ang usapin ng estetika ng panitikang Filipino ay usapin ng tunay na kamalayang Filipino. (211)

Bagamat ilang maiikling tula lamang ang sinusuri sa papel na ito, at maging sa limitasyon sa pagsipat sa aktuwal na bilang ng mambabasang naabot ng akda, mahalagang maunawaan ang dating ng tula sa saysay at lalim ng intensiyon ng makata na ilapit sa publiko ang tulang nagsasanaratibo ng dahas ng war on drugs. Ang panitikan ay maaaring maghubog ng kamalayan na sinasabi nga ni Lumbera na isang larangan din ng tunggalian, kaya mahalaga ang inisyatiba ng mga manunulat at paninindigan na pumanig sa mamamayang pinagsasamantalahan gamit ang panulat bilang sandata sa dahas ng estado. Ang paglalahad ng "katotohanan sa malikhaing paraan" sa panahon ng lagim ng pasismo ay isa sa sinasabing hamon sa mga artista at manunulat (Villalon 252). Sa ganang akin, dito sa pagtatangkang ilapit sa publiko ang akda at sa politikal na tindig ng makata, maaaring mabakas ang dating ng maiikling tula ni Popa na karaniwang mababasa sa espasyo ng *social media*.

Kung babalikan ang mga naunang nailatag na pagsusuri, mauunawaan ang tiyak na intensiyon ng makata na maging kasangkapan ang tula sa paghabi sa naratibo ng dahas ng war on drugs, at maipakita ang puwersang lumilikha at nagpapataw nito. May pagsasaalang-alang sa buhay, sa tao, at sa kapwa ang mga tula na pagtatapat niya:

> itinuturing ko rin ang pahina bilang pampublikong espasyo kung saan nagtatagpo ang pribadong sarili at ang posibilidad ng publiko. May kaakibat itong negosasyon ng pakikipag-ugnay sa kapwa—kung saan ako nagtatapos at kung saan nagsisimula ang iba. Nagpapamalay ito ng ideya ng hanggahan hindi bilang hindi-matinag na linya kundi okasyon para mawari ang presensiya ng kapwa. Hinihingi nitong mabuksan ang isipan at pandama. ("Ilang Tala Hinggil sa Narkotiko at Panganorin," 106)

Ipinapakita at ipinadarama sa tula ang kalagayan ng tao, lalo na ng kabataan sa konteksto ng dahas. Tila hinahamon nito ang mambabasa na mag-isip at maging kritikal sa mga posibilidad upang umigpaw sa ganitong kalagayan at maigiit ang "kaparatang mabuhay nang payapa bilang mamamayan ng isang malayang bansa" nang sa gayon ay tuluyan pa nating magawa ang mga

alam nating gawin bilang tao (Tiongson 10). Taimtim at payak ang pananaludtod ni Popa subalit may talim at lakas ng loob na sumalunga sa puwersa ng namamayaning realidad ng dahas ng war on drugs.

Kaugnay ng pagsalunga sa dahas, minsan nang natalakay ng Marxistang iskolar na si Walter Benjamin ang kanyang "kritika ng karahasan" sa pamamagitan ng pagdiskurso sa moral at etikal na aspekto ng karahasan, at ang kapangyarihan ng estado gamit ang konsepto ng batas na nagiging daan sa pagpataw at pagsapraktika ng tinatawag na *lawmaking violence* (paglikha ng batas at paghahari gamit ang pananakot o karahasan) at *law-preserving violence* (pagpapatupad at pagpapanatili sa mga umiiral na batas, sa pamamagitan ng kapulisan at sistema ng hustisya) (243). Nakapook sa panahon ng pagtatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig at panlipunang krisis sa Alemanya, pinuna ni Benjamin ang mga nabanggit na konsepto ng batas ng karahasan na kapwa umano ginagamit ng estado upang manatili sa kapangyarihan, na lumilikha ng tinatawag niyang *mythic violence* na tila isang natural na batas ng kalikasan na dapat tanggapin ng tao kahit gaano pa ito karahas ang pamamaraan at hindi makatao. Ayon pa kay Benjamin, "All violence as a means is either lawmaking or law-preserving… Mythic violence is bloody power over mere life for its own sake" (250). Sa kaso ng tula ni Popa, mababakas sa paglapit sa loob at ligid ang matingkad na agenda ng pananakot, paggamit ng puwersa, pagpatay, at pagiging instrumental ng mga aparato ng estado na sa kabilang banda, bunsod ng mga ligal na pamantayan, ay nanonormalisa ang dahas bilang lehitimong akto ng mistulang pagtupad at pagsunod sa umiiral na batas. Samakatuwid, mababakas ang *mythical violence* sa puwersang nagpapataw ng dahas sa tula na binigyang artikulasyon gamit ang mga pandiwang nag-uutos para maging biktima ng dahas at ang talinghaga ng baril bilang simbolo ng kapangyarihan. Sa pagsasakonteksto sa programa ng war on drugs, napatutunayan ang talinghaga ng tula na ang mga aparato ng estado ang puwersang nagpapataw ng dahas, at naglelehitimasa dito. Subalit, sa kabilang banda, hindi lang naman din payak na pagsasanaratibo ng nagpapatuloy na dahas ang inihahapag ng mga tulang sinuri. Nagbubukas din ito ng puwang upang madama ang bigat at poot sa nasasaksihang karahasan, hanggang sa matutuhan nating makilala at maunawaan ang mga nasa likod ng puwersang nagpapakilos at umaakto ng dahas.

Sa kabila nito, inihapag din ni Benjamin ang kanyang kontra-diskurso sa nabanggit na prinsipyo at lohika ng karahasang pinagbubukalan ang kapangyarihan ng estado. Tinawag niya itong *divine violence* na ang prinsipyo ay nasa pagkamit ng hustisya, pagsasakapangyarihan sa buhay at mga nabubuhay na nilalang, sa pamamagitan ng pagbaklas sa umiiral na sistema (248-250). Itinuring niya ito bilang "purong karahasan" na hindi naglalayong pumatay kundi magbigay ng katarungan. Isang anyo ng "hindi marahas na resolusyon" na maaaring magbigay daan sa isang mas makatarungang lipunan. Inihalimbawa niya rito ang pagkilos ng mga manggagawa sa pamamagitan ng welga o *general strike* na isang makatwirang pagkilos, na sinasabing anyo ng *divine violence* (239-240). Sa ganitong paraan, simbolikal ang welga na mataas na uri ng karahasan na ang layunin ay pagkakamit ng katarungan at kalayaan sa kondisyon ng kaapihan, at layuning buwagin ang namamayaning kaayusan. Sa ganitong punto, maaaring iugnay ito sa bisyon at intensiyon ng akda at ng makata hinggil sa paninindigan na maging ahensiya ang panulat para sa patuloy na pagtatala ng naratibo ng dahas, at pagigiit ng pagbabago ng kondisyon tungo sa posibilidad ng kontra-sandali (counter moment). Bilang maiikling anyo ng tula, hindi na lamang inilalarawan at ikinukuwento sa akda ang kongkreto at kagyat na sandali ng dahas. Lumilikha na rin ito ng puwang para sa kontra-sandali bunsod ng politikal na tindig, ng saysay ng anyo at nilalaman, na sa kabuuan ay akto ng pagtatangkang sumalunga sa puwersa ng naratibo ng dahas ng estado sa paraang maikli, malikhain at mapagmulat. Kung babalikan halimbawa ang tulang *Ang Baril ni Chekhov*, maaaring masabing isa itong halimbawa ng artikulasyon ng *divine violence* na nakapanig sa api at nagsasakapangyarihan hindi lamang sa panulat kundi maging sa mambabasa at mga biktima ng iba't ibang porma ng karahasan. Dahil din sa anyong maiikli, at karaniwang nasa lunan ng *social media*, madali itong basahin at maabot ang awdiyens, na maaaring kagyat na magbukas pa ng mga posibilidad sa kabila ng umiiral na limitasyon din ng nabanggit na lunan. Sa ganitong direksiyon, maiuugnay dito ang pagsusuri sa anyo ng dagli bilang "politikal na sandali" na porma ng "kritikal na pakikisangkot sa usaping panlipunan at pambansa sa pamamagitan ng maikling-maikling anyo ng panitikan" dahil ang lohika at prinsipyo ng pagkamaikli at ekonomiya ng salita ay "hindi lamang payak na pagtitipid

sa espasyo at pag-apuhap sa panahon," kundi paglikha ng "posibilidad ng artikulasyon ng indibidwal at panlipunang danas, isang politika ng sandali na nagsisilbing kritika sa namamayaning dahas" (Adaya 118).

## Kongklusyon

Bagamat limitado lamang sa iilang tula ang sinuri sa papel, sinikap pa rin nitong panimulang matalakay ang kritikal na gampanin ng panitikan sa pagbibigay-tinig sa kuwento ng mga kabataang tulad ni Kian delos Santos nang sa gayon ay maipagpatuloy ang paglulunsad ng mga panawagan ng hustisya para sa mga biktima ng dahas war on drugs at patuloy na maigiit ang demokratikong karapatan ng sambayanan lalo na sa ilalim ng kondisyon ng pasismo ng estado. Ang puwersa na nagmumula sa namamayaning kaayusan ay maaaring salungain ng anyo rin ng puwersa na nakapanig sa inaapi at dinadahas ng estado, sa pamamagitan ng kontra-sandali sa porma ng maiikling anyo ng tula. Sa kabila ng limitasyon ng panitikan na maging kongkretong sandata laban sa karahasan, mahalagang makita at maunawaan natin ang naging saysay ng tula sa pagsasanaratibo ng dahas ng war on drugs, at sa pagbubukas ng mga posibilidad na puwang para sa pag-alpas sa iba't ibang anyo ng karahasang nagpapatuloy sa kasalukuyan tungo sa pagmumulat ng kamalayan. Sa kabila nito, magiging higit na makabuluhan lamang din ang puwersang nakapanig sa api kung naihuhugpong ito sa mga puwersang mapagpalaya na patuloy na naninindigan at kolektibong kumikilos lampas sa malikhaing interbensiyon, indibidwal na kapasidad, at tindig ng manunulat.

Kung gayon, bilang panimulang tangka, maaari pang higit na palawakin ang isinagawang pagsusuri partikular na sa potensiyal ng maiikling anyo ng tula na nasa lunan ng naratibo ng war on drugs upang makapagtiyak kalaunan ng posibilidad sa anyong ito ng panitikan na magsilbing ganap na kontra-sandali, isang porma ng kritikang panlipunan. Kaya, mainam din kung masisinop at masusuri pa ang mga lumabas na antolohiya ng malikhaing akda na tungkol o kaugnay sa dahas ng war on drugs upang higit na masuma at makilatis ang naratibo ng nagpapatuloy na karahasan, at maging ang naaabot ng malikhaing interbensiyon

ng panitikan tungo sa pagsasatinig sa pinipi ng puwersa ng dahas.

Sa huli, mainam na pagnilayan ang ating gampanin sa paghubog ng kamalayang humahamon partikular na sa epistemikong karahasan, lalo na sa kasalukuyang kondisyong pampulitika at panlipunan, ang sumusunod na mga taludtod sa tulang *09/04/17* ni Allan Popa:

> Walang laban ang tula
> sa ating panahon kundi ipaglaban
> ang walang laban
> ng kawalang-laban ng salita. (*Ano Ang Isang Araw: 16 Tula,* 6)

**Mga Sanggunian**

Adam, Jeroen, Joel F. Ariate Jr., at Elinor May K. Cruz. "Violence, Human Rights, and Democracy in the Philippines." *Kasarinlan: Philippine Journal for Third World Studies*, vol. 34, no. 1-2, 2019, pp. 1-14.

Adaya, Jomar G. "Politika ng Sandali sa #dagli19: Ang Naratibo ng Lockdown sa Espasyo ng Social Media." *Malay*, vol. 35, no. 2, 2023, pp. 103-123.

Benitez, Christian Jil R. "#DuterteStandardTime: Pamamahalang Pamanahon." *Katipunan*, vol. 6, 2020, pp. 60-81.

Benjamin, Walter. "Critique of Violence." *Selected Writings Volume 1, 1913-1926*, inedit nina Marcus Bullock at Michael Jennings, Harvard University Press, 1996, pp. 236-252.

Bolledo, Jairo. "How Duterte's 5 am call to Garma starts a nationwide drug war." *Rappler*, 14 Okt. 2024, https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/how-duterte-planned-drug-war-royina-garmaaffidavit/?cx_testId=2&cx_testVariant=cx_1&cx_artPos=2&cx_experienceId=EX4CPN0G1RJL &cx_experienceActionId=showRecommendationsJQFQYPTR84OP22#cxrecs_s.Binuksan 26 Okt. 2024.

Cabalza, Dexter at Krixia Subingsubing. "Rights groups mark August as 'Month of Killings' in PH." *Philippine Daily Inquirer*, 19 Ago. 2021, https://newsinfo.inquirer.net/1475122/rights-groups-mark-august-as-month-of-killings-in-ph. Binuksan 26 Ago. 2021.

Conde, Carlos. "Killings in Philippines up 50 percent during pandemic." *Human Rights Watch,* 8 Set. 2020, https://www.hrw.org/news/2020/09/08/killings-philippines-50-percent-during-pandemic. Binuksan 6 Set. 2021

De Leon, Dwight. "Leonardo confirms drug war reward scheme, following in Garma's footsteps." *Rappler*, 23 Okt. 2024, https://www.rappler.com/philippines/leonardo-confirms-drug-war-reward-scheme-following-garma-footsteps/. Binuksan 26 Okt. 2024.

Del Mundo, Larah Vinda at Vincent Halog. "The Second Year of Marcos Jr.'s Drug War: Nothing New in "Bagong Pilipinas" as the Killings Continue." *Drug-Related Killings*

*in the Marcos Administration: Year 2 (July 1, 2023-June 30, 2024)*, Third World Studies Center, 2024, pp. 1-22.

Espenido, Gil. "Philippines' War on Drugs: Its Implications to Human Rights in Social Work Practice." *Journal of Human Rights and Social Work*, vol. 3, 2018, pp. 138–148, https://doi.org/10.1007/s41134-018-0071-6

Gavilan, Jodesz. "Timeline: Seeking justice for Kian delos Santos." *Rappler*, 28 Nob. 2018, https://www.rappler.com/newsbreak/iq/timeline-justice-trial-kian-delos-santos. Binuksan 26 Ago. 2021

Holmes, Oliver. "Philippine police kill 32 in bloodiest night of Duterte's war on drugs." *The Guardian*, 16 Ago. 2017, https://www.theguardian.com/world/2017/aug/16/philippines-police-bloodiest-night-duterte-war-drugs. Binuksan 6 Set. 2021.

Iglesias, Sol. "Explaining the Pattern of "War on Drugs" Violence in the Philippines Under Duterte." *Asian Politics & Policy*, vol. 15, no. 2, 2023, pp. 164–184, https://doi.org/10.1111/aspp.12689

International Criminal Court Pre-Trial Chamber I. "Public redacted version of 'Request for authorisation of an investigation pursuant to Article 15 (3)." *International Criminal Court*, 14 Hun. 2021. https://www.icc-cpi.int/Pages/record.aspx?docNo=ICC-01/21-7-Red. Binuksan 6 Set. 2021.

Johnson, David T., at Jon Fernquest. "Governing through Killing: The War on Drugs in the Philippines." *Asian Journal of Law and Society,* bol. 5, 2018, pp. 359–390. doi:10.1017/als.2018.12. Binuksan 9 Set. 2021.

Lumbera, Bienvenido. *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa.* University of the Philippines Press, 2000.

Manalo, Paolo. "Review: Allan Popa, Kami sa Lahat ng Masama." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints,* bol. 52, blg. 1, 2004, pp. 141-143. JSTOR. https://www.jstor.org/stable/42633691. Binuksan 26 Ago. 2021.

Noceda, Juan Jose De, at Pedro de Sanlucar. *Vocabulario De La Lengua Tagala*. Isinalin at Inedit nina Virgilio S. Almario, Elvin R. Ebreo, at Ana Maria M. Yglopaz, Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.

Palatino, Raymond. "Tokhang in North Caloocan: Weaponizing Local Governance, Social Disarticulation, and

Community Resistance." *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies*, vol. 34, no. 1-2, 2019, pp. 15–42.

Pangilinan, Choy S. "Mula kay GMA Hanggang kay Duterte: Kritika sa Ilang Dokumentaryong Politikal at Pagmamapa sa Tunguhin ng Dokumentaryo sa Panahong Pinapaslang ang Politikal." *Plaridel*, vol. 17, no. 1, January - June 2020, pp. 143-175.

"Philippines: Killings of children continue unabated." *Amnesty International,* 6 Set. 2017, https://www.amnesty.org/en/latest/press-release/2017/09/philippines-killings-of-children-continue-unabated/. Binuksan 26 Ago. 2021.

Popa, Allan. *Hunos: Mga Tula*. Ateneo de Naga University, 2016.

---. *Maaari: Mga Bago at Piling Tula*. University of the Philippines Press, 2016.

---. *Ano Ang Isang Araw: 16 Tula.* Talaantala, 2017.

---. "Birthday ko next week. Para maiba naman..." *Facebook*, 21 Set. 2017, 1:02 n.h.

https://www.facebook.com/popski74/posts/1478662382223907. Binuksan 26 Ago. 2021.

---. "08/17/17 Inabutan nila ako ng baril..." *Facebook*, 18 Ago. 2017, 12:08n.h. https://www.facebook.com/popski74/posts/1450261255064020. Binuksan 26 Ago. 2021.

---. *Narkotiko at Panganorin*. Ateneo de Manila University Press, 2018.

---. "Ilang Tala Hinggil sa Narkotiko at Panganorin." *Unitas,* bol. 9, blg. 2, 2019, pp. 97-117. http://unitasust.net/?filter_by=title&search_from=archive_page&s=Ilang+Tala+Hinggil+sa+Narkotiko+at+Panganorin. Binuksan 26 Ago. 2021.

---. "Kriminolohiya at iba pang mga Tula." *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, vol. 15, no. 1, 2021, pp. 104-111.

Punay, Edu. "Kian begged for his life before cops shot him." *The Philippine Star*, 3 Okt. 2017, https://www.philstar.com/headlines/2017/10/03/1745309/kian-begged-his-life-cops-shot-him. Binuksan 6 Set. 2021. *Puyat at iba pang Tula sa Panahon ng Digma*. Kamera Gerilya, 2018.

Talabong, Rambo. "How Kian delos Santos was killed, according to police." *Rappler*, 5 Set. 2017, https://amp.rappler.com/nation/179400-how-kian-delos-santos-was-killed-according-to-police. Binuksan 6 Set. 2021.

Tiongson, Nicanor. “Sining at Kamalayang Pilipino na Maka-TAO: Apat na Dulog sa Pagsusuri ng mga Likhang-Sining ng Pilipinas.” *Sining at Kamalayang Pilipino na Maka-Tao*, inedit ni Nicanor Tiongson, PUP Sentro sa Araling Pilipino, 2022, pp. 15-25.

Tolentino, Rolando. “RTDAGLI: Maiklingmaikling Kwentong SMS at Tweets.” *Unitas Journal,* bol. 90, blg. 1, 2017, pp. 114-124, https://doi.org/10.31944/2017901.ROTO05. Binuksan 26 Ago. 2021.

Tolentino, Rolando. “Pag-akda ng Karahasan at Bayan, Ang Karahasan sa Pag-akda ng Bayan.” *Bio(lente): Mga Bagong Katha sa Danas ng Dahas at Banwa*, inedit nina Rolando Tolentino, German Gervacio at Januar Yap, University of the Philippines Press, 2022, ix-xxxix.

UST Literary Society. “Justice remains elusive as this day marks the anniversary of Kian delos Santos’ death...” *Facebook*, 16 Ago. 2018, 8:22 n.g. https://www.facebook.com/USTLitSoc/posts/968069000060148. Binuksan 4 Set. 2021.

Velasco, Om Narayan. “Popa, Allan C.” *CCP Encyclopedia of Philippine Art,* Digital Edition, Cultural Center of the Philippines, 2020.

Villalon, Mixkaela. “Form & Content: Sandata sa Panahon ng Disimpormasyon at War on Drugs. *Bio(lente): Mga Bagong Katha sa Danas ng Dahas at Banwa*, inedit nina Rolando Tolentino, German Gervacio at Januar Yap, University of the Philippines Press, 2022, pp. 249-262.

Villamor, Felipe. “Death of Philippine teenager stokes opposition to Duterte’s drug crackdown.” *New York Times*, 23 Ago. 2017, https://www.nytimes.com/2017/08/23/world/asia/duterte-drug-crackdown.html. Binuksan 6 Set. 2021.

Zafra, Galileo. “Loob, Ligid, at Lalim ng Tekstong Pampanitikan: Pangkalahatang Dulog sa Pagbasa.” *Sining at Kamalayang Pilipino na Maka-Tao*, inedit ni Nicanor Tiongson, PUP Sentro sa Araling Pilipino, 2022, pp. 15-25.